

Lungsod ng Santa Maria
Departamento ng Pananalapi | Utility Billing Division
**PATAKARAN SA PAGPUPUTOL (PAGPATAY) NG SERBISYO NG TUBIG
PARA SA MGA DELINGKUWENTENG ACCOUNT**

<https://www.cityofsantamaria.org/city-government/departments/finance-department/utility-billing>

Ang Lungsod ng Santa Maria ("Lungsod") ay nag-iisyu ng buwanang bill ng utility para sa serbisyo ng tubig para sa nakaraang pagsingil. Ang mga bayarin sa utility ay dapat bayaran sa petsa kung kailan pinadala sa koreo at itinuturing na delingkuwente kung ang bayad ay hindi natanggap ng Utility Billing Division ng Lungsod sa 206 East Cook Street ng 5:00 p.m. isang araw mula sa petsa nang inisyu ang bill.

Kung ang Lungsod ay hindi pa natatanggap ang bayad sa ika-20 araw mula sa petsa nang inisyu ang bill, ang account ay ituturing na lampas na sa taning. Ang Lungsod ay magpapadala ng sulat ng abiso sa pagputol nang hindi bababa sa 15 araw bago ang pagputol. Kapag ang account ng isang kostumer ay delingkuwente ng 60 araw, ang serbisyo ng tubig ay puputulin dahil sa hindi pagbabayad bilang pagsunod sa Senate Bill No. 998.

IMPORMASYON NG KONTAK

Upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, upang humiling ng isang ekstensyon, o humiling ng isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad o plano sa pag-aamortisasyon, makipag-ugnay sa Utility Billing Division sa lalong madaling panahon:

Telepono: (805) 925-0951 ext. 2217 (Ingles) or ext. 2218 (Espanyol)

Email: utilitybilling@cityofsantamaria.org

Personal: Lungsod ng Santa Maria
Departamento ng Pananalapi
Utility Billing Division
206 East Cook Street
Santa Maria, CA 93454

SULAT NG ABISO NG PAGPUTOL

Ang Lungsod ay gagawa ng isang makatwirang pagsisikap na may malinis na hangarin na makipag-ugnay sa mga kostumer sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa koreo nang hindi bababa sa 15 araw bago ang pagpapatigil ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad. Ang sulat ng abiso ng pagpuputol ay ipapadala sa address ng billing na nakatalaga sa account. Kung magkaiba ang mga address ng billing at serbisyo, isang pangalawang sulat ng abiso ang ipadadala sa address ng serbisyo at naka-address sa "Residente." Ang sulat ng abiso sa pagpuputol ay maglalaman ng mga sumusunod:

- Pangalan at tirahan ng kostumer;
- Halaga ng delingkuwente;
- Ang petsa kung kailan dapat magbayad o ang pakikipagkasundo sa pagbabayad ay kailangan upang maiwasan ang pagpuputol;
- Paglalarawan ng proseso na pag-aaplay ng isang ipinagpaliban/alternatibong iskedyul ng pagbabayad o plano ng pag-aamortisasyon;
- Paglalarawan ng proseso ng pagtutol o pag-apela ng utility bill;

PATAKARAN SA PAGPUPUTOL (PAGPATAY) NG SERBISYO NG TUBIG PARA SA MGA DELINGKUWENTENG ACCOUNT

- Isang abiso sa mga nangungupahan/residente na kung may kaugnayan ang may-ari ng bahay sa nangungupahan, at ang may-ari ng bahay ay ang kostumer na nakatala, ang nangungupahan/residente ay maaaring maging isang kostumer ng Lungsod nang hindi papanagutin sa responsibilidad ng mga delingkuwesiya ng may-ari;
- Ang isang link ng website sa patakaran ng pagpuputol ng serbisyo ng tubig ng Lungsod; at
- Impormasyon ng kontak para sa Lungsod upang talakayin ang pag-iwas sa pagpuputol ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad.

Kung ang sulat ng abiso sa pagpuputol ay ibinalik sa pamamagitan ng koreo na tinatakan ng dinaihatid na sulat, ang Lungsod ay gagawa ng isang makatwirang pagsisikap na may malinis na hangarin na bisitahin ang tirahan at mag-iwan ng nakasabit sa pinto na sulat ng abiso ng pagpuputol.

Ang lahat ng delingkuwenteng singil sa serbisyo ng tubig at mga kaugnay na multa ay dapat na matanggap ng Lungsod ng 5:00 p.m. sa araw na tinukoy sa sulat ng abiso ng pagpuputol upang maiwasan ang pagpapahinto ng serbisyo, nguni't kailangan na ang apela, alinsunod sa Patakaran na ito, ay ituloy, at ipatitigil ang akumulasyon ng mga karagdagang bayad o parusa, kung mayroon man.

Ang mga Residensyal na Nangungupahan/Mga Residente na may Indibidwal na Metro na binibigyan ng serbisyo sa pamamagitan ng Mga Master na Metro

Ang mga Residensyal na Nangungupahan/Mga Residente na may Indibidwal na Metro ay tatanggap ng nakalista sa itaas na sulat ng abiso na naka-address sa "Residente" sa address ng serbisyo para sa account. Ang abiso ay ibibigay nang hindi bababa sa sampung araw bago ang pagpuputol ng serbisyo.

Mga Residensyal na Nangungupahan/Mga Residente sa isang Maramihang-Yunit na Complex na binibigyan ng serbisyo sa pamamagitan ng Isang Mga Master na Metro

Ang mga residensyal na Nangungupahan/Mga Residente sa isang maramihang unit ng complex na binibigyan ng serbisyo sa pamamagitan isang master na metro ay tatanggap ng isang sulat sa pamamagitan ng koreo sa kanilang yunit o sulat ng abiso na isasabit sa kanilang mga pinto. Alinman sa dalawa, ang abiso ay ibibigay nang hindi bababa sa sampung araw bago ang pagpuputol ng serbisyo.

ALTERNATIBONG ISKEDYUL NG PAGBABAYAD/PLANO NG PAG-AAMORTISASYON

Ang isang kostumer na hindi mabayaran ang kanilang utility bill sa loob ng 60 araw pagkatapos maging delingkuwente ay maaaring humiling ng isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad upang maiwasan ang mga multa o pagpapatigil ng serbisyo ng tubig.

Ang mga pag-aayos ng pagbabayad na umaabot sa susunod na na oras ng pagsingil ay itinuturing na isang plano ng pag-aamortisasyon. Ang lahat ng mga plano sa pag-aamortisasyon ay dapat na nakasulat at nilagdaan ng kostumer. Ang planong amortisasyon ay pagbabayad ng balanse sa loob ng isang panahon na itinakda ng kostumer na hindi lalampas sa 12 buwan mula sa orihinal na

PATAKARAN SA PAGPUPUTOL (PAGPATAY) NG SERBISYO NG TUBIG PARA SA MGA DELINGKUWENTENG ACCOUNT

petsa ng bill. Isasama at kailangang bayaran sa takdang petsa ng kasalukuyang bill ng kostumer ang babayang amortisasyon. Dapat sumunod ang kostumer sa mga tuntunin ng plano ng pag-aamortisasyon at manatiling kasalukuyan ang mga bayarin habang ito ay nadaragdagan sa mga susunod na oras ng pagsingil. Ang kostumer ay hindi maaaring humiling ng karagdagang pag-aamortisasyon ng anumang kasunod na mga hindi nabayang bayarin habang nagbabayad ng mga delingkuwente alinsunod sa plano ng pag-aamortisasyon.

Ang serbisyo ng tubig ay maaaring ipatigil nang mas maaga kaysa sa limang araw ng negosyo pagkatapos na ang huling abiso ng pagpuputol ng serbisyo (isinabit sa pinto) ay mai-post sa isang lugar na madaling makita sa ari-arian sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na pagkakataon:

- Nabigo ang kostumer na sumunod sa plano ng pag-aamortisasyon o isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad; o
- Habang sinusunod ang plano ng pag-amortisasyon o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, hindi binayaran ng kostumer ang kanilang mga kasalukuyang bayarin sa tubig nang 60 araw o higit pa.

PAGBABALIK NG SERBISYO

Ang Lungsod ay gagawa ng isang makatwirang pagsisikap na may malinis na hangarin na ibalik ang serbisyo bago matapos ang susunod na regular na araw ng negosyo kasunod ng pagbabayad ng anumang lampas na sa tanging na bayarin na mga delingkuwenteng multa na may kaugnayan sa pagpuputol ng serbisyo. Ang regular na oras ng negosyo ay Lunes hanggang Huwebes 8:00 am. hanggang 4:00 pm (maliban sa mga pista opisyal).

Sa pagpapasya na tanging Lungsod lang ang magbibigay, maaaring ibalik ang serbisyo sa hindi regular na oras ng negosyo kung ang kostumer ay papasok sa isang kasunduan na magbayad ng multa sa serbisyo na hindi oras ng negosyo.

MGA RESIDENTENG MAY UGNAYAN ANG MAY-ARI NG BAHAY AT NANGUNGUPAHAN

Kung may ugnayan ang may-ari ng bahay at nangungupahan at ito ay umiiral sa pagitan ng may-ari, tagapamahala, o operator ng tirahan, istraktura, o parke, ang mga residente ng may indibidwal na metro ng mga magkakahiwalay na bahay, istrakturang maramihang tirahan, mga parke ng mobile home, o permanenteng istraktura ng residensyal na mga kampo ng mga manggagawa (tulad ng tinukoy ng Seksyon 17008 ng Code sa Kalusugan at Kaligtasan), may karapatang maging mga kostumer ng Lungsod nang hindi kinakailangang bayaran ang anumang delingkuwenteng bayarin.

Para sa mga residenteng naninirahan sa mga magkakahiwalay na tirahan ng bawat pamilya kung saan ang account ay hindi delingkuwente at nais ng residenteng maging kostumer ng Lungsod, dapat munang beripikahin ng residente kung may umiiral na ugnayan ang may-ari at nangungupahan bago maging isang kostumer ng Lungsod. Maaaring isama ngunit hindi limitado sa pagbeberipika, ang isang kasunduan sa pangungupahan, mga resibo ng pangungupahan, isang dokumento ng gobyerno na nagsasaad na ang residente ay nangungupahan sa ari-arian, o impormasyon na nagsisiwalat alinsunod sa seksyon 1962 ng Civil Code .

PATAKARAN SA PAGPUPUTOL (PAGPATAY) NG SERBISYO NG TUBIG PARA SA MGA DELINGKUWENTENG ACCOUNT

Para sa mga residente ng mga magkakahiwalay na tirahan ng bawat pamilya na hindi indibidwal ang metro, mga istrakturang maramihang tirahan, mga parke ng mobile homes, o istraktura ng permanenteng tirahan ng mga kampo ng mga manggagawa (tulad ng tinukoy ng Seksyon 17008 ng Code ng Kalusugan at Kaligtasan), ang Lungsod ay hindi inaatasang tumanggap ng mga residente bilang mga kostumer maliban kung ang bawat residente ng tirahan ay sumasang-ayon sa mga tuntunin at kundisyon ng mga serbisyo at nakatutugon sa mga hinihingi ng Lungsod para sa serbisyo. Gayunpaman, kung ang isa o higit pa sa mga residente ng tirahan ay handa at kayang akuin ang mga responsibilidad para sa mga kasunod na singil sa account sa kasiyahan ng Lungsod, o kung mayroong isang pisikal na paraan na ligal na magagamit upang putulin ang serbisyo ng mga residente na hindi nakatutugon sa mga hinihingi ng Lungsod, ibibigay ng Lungsod ang serbisyo sa mga residente na makatutugon sa mga hinihinging mga tuntunin at kundisyon ng Lungsod.

MGA RESIDENSYAL NA HINDI MAAARING PUTULIN ANG SERBISYO

Ang serbisyo ng tubig sa mga residente ay hindi maaaring putulin dahil sa hindi pagbabayad kung ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon ay natugunan:

- Ang kostumer o nangungupahan sa kostumer ay nagsumite ng sertipikasyon ng isang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga (na tinukoy sa Welfare and Institutions Code Seksyon 14088 Subdivision B, Paragraph 1, Subparagraph A) na ang pagpuputol ng serbisyo ng residente ay magiging banta sa buhay, o magpapahiwatig ng isang seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang residente ng lugar kung saan ibinibigay ang serbisyo ng tubig.
- Ipinakikita ng kostumer na wala silang kakayahang magbayad para sa serbisyo ng tubig sa loob ng normal na siklo ng pagsingil. Ang kostumer ay maituturing na walang pinansiyal na kakayahang magbayad ng serbisyo ng tubig sa loob ng normal na siklo ng pagsingil kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o Ang Program ng Espesyal na Karagdagang Nutrisyon ng California para sa Babae, Mga Sanggol, at Mga Bata, o kung ipinahayag ng kostumer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng lebel ng kahirapan sa pederal.
- Ang kostumer ay handang pumasok sa isang kasunduan sa pag-aamortisasyon o alternatibong iskedyul ng pagbabayad sa Patakarang ito, kasama ang pagbabayad ng lahat ng mga delingkuwenteng bayarin.

Kung natugunan ang lahat ng mga kundisyon, isang pag-aamortisasyon ng hindi bayad na balanse o alternatibong iskedyul ng pagbabayad ang iaalok. Pipiliin ng Lungsod kung alin sa mga opsyon sa pagbabayad ang gagawin ng kostumer at itatakda ang mga pamamaraan ng opsyon ng pagbabayad na iyon. Karaniwan, ang opsyon sa pagbabayad na inaalok ay magresulta sa isang pagbabayad ng anumang natitirang balanse sa loob ng 12 buwan.

KAHINGAN NG PAGSUSURI NG BILL

**PATAKARAN SA PAGPUPUTOL (PAGPATAY) NG SERBISYO NG TUBIG
PARA SA MGA DELINGKUWENTENG ACCOUNT**

Hindi lalampas sa 45 araw pagkatapos ng pagpapalabas ng bill, ang isang sulat ng kahilingan ng pagsusuri ay maaaring isumite sa:

Email: utilitybilling@cityofsantamaria.org

Mail: Lungsod ng Santa Maria
Departamento ng Pananalapi
Utility Billing Division
206 East Cook Street
Santa Maria, CA 93454

Personal: City Hall payment drop box o Sa Utility Billing counter (sa address sa itaas)

Ang pagbabayad ng bayarin nang buo ay kinakailangan bago suriin ng Tagapamahala ng Utility Billing. Matapos suriin, ilalabas ang isang sulat ng opinyon. Kung ang bill ay naglalaman ng pagkakamali, ang kostumer ay maaaring bigyan ng isang credit billing na iaaplay sa susunod na bill o, isang pagbabalik ng binayad kung hiniling ng kostumer sa sulat ng apela para sa pagsusuri. Ang desisyon ng Tagapamahala ng Utility Billing ay maaaring i-apela sa sulat sa Direktor ng mga Utility o sa Direktor ng Pananalapi sa loob ng 15 araw ng desisyon ng Tagapamahala ng Utility Billing. Ang apela ay didinigin ng Direktor ng mga Utility o Direktor ng Pananalapi sa loob ng isang makatuwirang oras, na hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos itong matanggap. Ang pagpapasiyang ito ay ang huli at hindi na maari pang mag-apela.

Huling in-update Enero 27, 2020